

# MGA BAGANI

LOUISE VINCENT B. AMANTE

Mabagal man ang pagsulong, lumalawak ang larangan  
Tuwing silay ang liwanag ng umagang bagong gising;  
Sakbat-sakbat ang pag-asang malaon nang hinihintay.

Hinanda na'ng mga gamit sa malayong paglalakbay  
Luto na rin ang agahan sa hapag ng nagpahimpil.  
Mabagal man ang pagsulong, lumalawak ang larangan.

Natitiod mga paang hapong-hapo sa batuhan  
Magpahinga'y para lamang muling masdan ang bituin;  
Sakbat-sakbat ang pag-asang malaon nang hinihintay.

Inaawit sa isipan mga sákit at tagumpay  
Habang himbing mga backpack, bolpen, papel, pati baril.  
Mabagal man ang pagsulong, lumalawak ang larangan.

Pagsapit sa sonang muog, di mapigil kasiyahan  
Mga pusong may giliw sa kan'lang hukbong bagong dating.  
Sakbat-sakbat ang pag-asang malaon nang hinihintay.

Nakaikot mga labing uhaw ngayon sa salaysay  
sa harap ng panginori't kanayunan pang lalakbayin.  
Mabagal man ang pagsulong, lumalawak ang larangan;  
Sakbat-sakbat ang pag-asang malaon nang hinihintay. #